Ebanghelyo ayon kay Lukas 17 : 11 - 19

Isang araw, nang si Hesus ay papasok sa isang nayon, sampung ketongin ang tumawag sa Kanya: "Hesus! Guro! Mahabag ka sa amin." Agad sumagot si Hesus: "Humayo kayo at humarap sa mga pari." At nangyari na gumaling sila habang naglalakad. Isa sa kanila ay labis na nagalak at bumalik kay Hesus.
Lumapit siya at lumuhod sa paanan ni Hesus at nagpasalamat. Ngunit nalungkot si Hesus, sapagkat ang siyam ay hindi man lamang bumalik at nagpasalamat.

Minsan, dapat ding sabihin ng taong may karamdaman ang kanilang sakit–
sa manggagamot, sa pamilya, sa mga malapit na kaibigan. Subalit, minsan naman sinasabi ng may karamdaman ang kanilang kalagayan sa maraming tao. Sa tuwing sinasabi nila ito, lalong nananatili ang karamdaman.
Mas mainam na huwag pansinin ito kung maaari. Magandang mas isipin si Hesus, ang Dakilang Manggagamot, kaysa karamdaman.
(c.f. *God at Eventide*, Hulyo 20)